

Screening Test for Thalassemia Trait

- Hemoglobin electrophoresis with quantitative hemoglobin A2 and hemoglobin F
- Complete Blood Count (CBC)
- Iron studies (free erythrocyte protoporphyrin, lead, ferritin, and/or other iron studies)

Mahahalagang Impormasyon:

- Kung malaman mong mayroon ka nang Thalassemia Trait, marahil marami kang katanungan. Masasagot ang mga ito ng iyong doktor o healthcare provider.
- Mahalaga ang maagap na pagkilala dito at wastong panggagamot sa sakit. Kausapin ang inyong doktor kung sa palagay mong pwede kang makapagsalin ng Thalassemia sa iyong anak, o kaya ay nakikitaan mo ng sintomas ng Thalassemia ang iyong anak.
- May iba't ibang uri ng Thalassemia Trait at ang mismong Thalassemia. Kung na-diagnose ka na may Thalassemia Trait, o kaya ay isinilang ang anak mo na may Thalassemia, maipapaliwanag ng inyong doktor kung paano ang wastong panggagamot dito.

Kung kailangan ninyo ng karagdagang impormasyon tungkol sa Thalassemia, makipag-usap sa inyong doktor o health care provider.

This brochure is available in English, Chinese, Vietnamese, Lao, Tagalog and Cambodian.

Copyright 2002

Northern California Thalassemia Center
Thalassemia Outreach Program
Children's Hospital Oakland.
747 Fifty Second Street
Oakland, CA 94609-1809
(510) 428-3885 x 4398

All rights reserved.

Funding provided by Project #2
H46 MC 00012-10

from the Maternal and
Child Health Bureau

(Title V, Social Security Act),

Health Resources and
Services Administration,

Dept. of Health and Human Services.

Translation By:


Asian Health Services Language

Cooperative

818 Webster Street

Oakland, CA 94607

Thalassemia



TAGALOG

**THALASSEMIA
OUTREACH PROGRAM
CHILDREN'S HOSPITAL OAKLAND**

Ano ang Thalassemia?

Ang Thalassemia ay isang uri ng sakit sa dugo o anemia. Sa mga taong mayroon nito, hindi makakuha ng sapat na oxygen ang dugo, at mga bahagi ng katawan na tulad ng puso at baga. Sa katagalan ay nanghihina ang mga ito o tuluyang tumitigil.

Lumalaking problema ang Thalassemia. Taon-taon ay dumarami ang bilang ng mga sanggol na ipinanganak na may Thalassemia.

Ano ang mga palatandaan ng Thalassemia?

May iba't ibang uri ng Thalassemia, mula sa di-malubha hanggang sa malubhang uri. Kabilang sa mga palatandaan na maaaring makita sa unang 2 taon ng isang bata ay:

- Pamumutla
- Kawalan ng ganang kumain
- Masyadong palaiyak
- Mabagal na paglaki



May mga tao bang mas karaniwang kinakapitan ng sakit na Thalassemia?

Oo, mas karaniwan ang sakit na ito sa mga:

- Southeast Asians (mga taga-Laos, Vietnam, Thailand, Singapore, Pilipinas, Malaysia, Burma at Indonesia)
- Intsik
- Indian
- Aprikano
- Mga taga-Middle East
- Greko
- Italyano
- Mga taga-Georgia, Armenia, at Azerbaijan

Paano nagkaka-Thalassemia ang isang tao?

Ang Thalassemia ay isang “genetic” na sakit. Ibig sabihin naisasalin ito ng magulang sa kanilang mga anak. May mga taong maaaring makapagsalin sa anak ng sakit na ito, at mayroon namang hindi. Nagkaka-Thalassemia ang isang tao kung parehong ang ama at ina ay pwedeng magsalin ng sakit na ito. Ang mga batang may Thalassemia ay ipinanganak na taglay na ang sakit. Wala itong kaibahan sa mga batang ipinanganak na maliit o matangkad.

Hindi nakakahawa ang Thalassemia na tulad ng sa sipon o lagnat. Hindi ito napapakalat ng pag-ubo, pagbahing, pakikisalo sa pagkain, o paggamit ng baso at kubyertos ng taong may Thalassemia.

Ano ang Thalassemia Trait?

Mahigit 2 milyong katao sa Amerika ang maaaring makapagsalin ng Thalassemia sa kanilang mga anak, kahit sila mismo ay walang Thalassemia. Mayroon sila noong tinatawag na “Thalassemia Trait.” May mga pag-aaral na walang ibinubungang problemang pangkalusugan ang isang taong may Thalassemia Trait. Dahil dito, maraming hindi nakakaalam na maaari pala nilang maisalin ang Thalassemia sa kanilang anak.

May paraan bang alamin kung kami ng aking asawa ay maaaring magsalin ng Thalassemia sa aming anak?

Oo, sa pamamagitan ng blood test. Konting sample ng dugo lamang ang kinakailangan. Kung nagpaplano kayong mag-anak, itanong niyo sa inyong doktor ang tungkol sa Thalassemia testing.

Ipakita ninyo ang impormasyong ito sa doktor. Ipinapaliwanag nito sa Ingles ang tatlong klase ng Thalassemia testing: